

Mga Karapatan sa Espesyal na Edukasyon ng mga Magulang at Kabataan

**Alinsunod sa Batas para sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan
(Individuals with Disabilities Education Act), Bahagi B**

• Paunawa ng mga Pamprotektang Hakbang sa Proseso •

Binago Oktubre 2016

Paunawa: Ang katagang *distritong pampaaralan* ay ginagamit sa kabuuan ng dokumentong ito upang ilarawan ang anumang pampublikong ahensya ng edukasyon na mananagot sa pagdudulot ng programa para sa espesyal na edukasyon ng iyong anak. Ang katagang *pagtatasa* ay ginagamit upang mangahulugang pagsusuri o pagsusubok. Ang mga batas pang-federal at pang-estado ay ginagawang sanggunian sa kabuuan ng paunawang ito gamit ang mga mga pagpapaikli ng salita sa Ingles, na ipinapaliwanag sa isang talahulugan sa huling pahina ng abisong ito.

Ano ang Paunawa ng mga Pamprotektang Hakbang sa Proseso?

Ang impormasyong ito ay nagbibigay sa inyo bilang mga magulang, legal na bantay at tumatayong magulang ng mga batang may kapansanan na may edad mula tatlong (3) taong gulang hanggang dalawampu't isang (21) gulang at ng mga mag-aaral na tumuntong na sa edad na labingwalong (18) taong gulang, ang hustong edad, ng isang pangkalahatang-ideya ng iyong mga karapatan sa edukasyon o mga pamprotektang hakbang sa proseso.

Ang Paunawa ng Mga Pamprotektang Hakbang sa Proseso ay kinakailangan alinsunod sa Individuals with Disabilities Education Act (sa Ingles ay tinutukoy bilang IDEA) at kailangan itong ibigay sa iyo:

- ❖ Kapag humingi ka ng kopya;
- ❖ Sa unang pagkakataon na ang iyong anak ay idinulog para sa isang espesyal na pagtatasa na pang-edukasyon:
- ❖ Tuwing ikaw ay bibigyan ng isang plano sa pagtatasa upang suriin ang iyong anak;
- ❖ Sa pagkatanggap ng unang reklamo sa estado o reklamo sa marapat na proseso sa loob ng isang taong pampaaralan; at
- ❖ Kapag nakapagpasya nang magtanggap na nagsisilbing kahalili ng paglalagak.

(20 USC 1415[d]; 34 CFR 300.504; EC 56301[d] [2], EC 56321, at 56341.1[g] [1])

Ano ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA)?

Ang IDEA ay isang batas-federal na nagtatakda sa mga distritong pampaaralan na magdulot ng isang “libreng naaangkop na pampublikong edukasyon” (sa Ingles, ay tinatawag na FAPE) sa mga karapat-dapat na batang may kapansanan. Ang isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon ay nangangahulugan na ang mga espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay idudulot na ayon sa inilarawan sa isang nakapang-indibidwal na programang pang-edukasyon (sa Ingles, ay tinatawag na IEP) at saklaw ng pampublikong pagmamando ng iyong anak nang wala kang gagastusin.

Maaari ba akong lumahok sa mga pagpapasiya tungkol sa edukasyon ng aking anak?

Kailangan kang mabigyan ng mga pagkakataon na lumahok sa anumang pulong na pagpapasya ukol sa programa para sa espesyal na edukasyon ng iyong anak. May karapatan kang lumahok sa mga pagpupulong ng koponan ng IEP ukol sa pagkilala (pagiging karapat-dapat), pagtatasa, o pang-edukasyon na paglalagak ng iyong anak at ng iba pang mga usapin ukol sa FAPE ng iyong anak. (20 USC 1414[d] [1]B-[d][1][D]; 34 CFR 300.321; EC 56341[b], 56343[c])

May karapatan kang lumahok sa paglinang ng IEP at sa elektronikong pagtatala ng mga kaganapan sa pagpupulong ng koponan ng IEP sa isang audiotape recorder.

Kabilang sa iyong mga karapatan ang impormasyon ukol sa kakayahang magamit ang FAPE, kabilang ang lahat ng mga mapagpipilian sa programa, at lahat ng mga magagamit na kahaliling programa, maging pampubliko man at di-pampubliko.

(20 USC 1401[3], 1412[a][3]; 34 CFR 300.111; EC 56301, 56341.1[g][1] at 56506)

Saan ako makakukuha ng karagdagang tulong?

Kung ikaw ay may inaalala ukol sa edukasyon ng iyong anak, mahalagang makipag-ugnayan ka sa guro o administrador ng iyong anak upang mapag-usapan ang tungkol sa iyong anak at ang anumang mga suliraning makikita ninyo. Ang mga kawani sa iyong distritong pampaaralan o lokal na pook sa plano para sa espesyal na edukasyon (sa Ingles, ay tinatawag na SELPA) ay makasasagot sa mga katanungan ukol sa edukasyon ng iyong anak, mga karapatan mo, at mga pamprotektang hakbang sa proseso. Bukod dito, kung mayroon kang inaalala, ang ganitong di-pormal na pag-uusap ay madalas na nakalulutas sa problema at nakatutulong na makapagpanatili ng bukas na komunikasyon.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa isa sa mga organisasyon ng mga magulang ng California [Mga Sentro ng Pagpapalakas ng Pamilya (Family Empowerment Centers) at Mga Instituto ng Pagsasanay ng Magulang (Parent Training Institutes)], na binuo upang dagdagan ang pakikipatulungan sa pagitan ng mga magulang at guro upang mapabuti ang sistema ng edukasyon. Ang impormasyon ng pakikipag-ugnayan sa mga organisasyong ito ay makikita sa Web page ng Mga Organisasyon ng mga Magulang ng California para sa espesyal na edukasyon ng CDE sa <http://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/caprntorg.asp>.

Ang mga karagdagang mapagkukunan ay nakalista sa dulo ng dokumentong ito upang matulungan kang maintindihan ang mga pamprotektang hakbang sa proseso.

Paano kung ang anak ko ay bingi, hirap sa pandinig, bulag, mahina ang paningin, o bingi-bulag?

Ang mga Espesyal na Eskwelahan ng Estado ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga estudyanteng bingi, hirap sa pandinig, bulag, mahina ang paningin, o bingi-bulag sa bawat isa sa kanyang tatlong pasilidad: ang mga Eskwelahan ng California para sa mga Bingi sa Fremont at Riverside at sa Eskwelahan ng California para sa mga Bulag sa Fremont. Ang mga programang residensyal at pang-araw na eskwelahan ay inaalok sa mga estudyante mula pagkasanggol hanggang edad 21 sa kapwa Eskwelahan ng Estado para sa mga Bingi. Ang mga programang ito ay inaalok sa mga estudyanteng nag- edad lima hanggang 21 sa Eskwelahan ng California para sa mga Bulag. Ang

mga Espesyal na Eskwelahan ng Estado ay nag-aalok din ng mga serbisyong pagsusuri at tulong teknikal. Para sa higit na impormasyon tungkol sa mga Espesyal na Eskwelahan ng Estado, mangyaring bisitahin ang Web site ng Kagawaran ng Edukasyon ng California sa <http://www.cde.ca.gov/sp/ss/> o magtanong ng higit na impormasyon mula sa mga miyembro ng koponan ng IEP ng iyong anak.

Paunawa, Pahintulot, Pagtatasa, Pagtatalaga ng Tumatayong Magulang, at Kakayahang Makita ang mga Talaan

Naunang Nakasulat na Paunawa

Kailan kinakailangan ng paunawa?

Ang paunawang ito ay kailangang maibigay kapag ang distritong pampaaralan ay nagpanukala o di kaya'y tumangging magpasimuno ng isang pagbabago sa pagkilala, pagtatasa, o paglalagak sa edukasyon ng iyong anak na may mga espesyal na pangangailangan o ang pagdudulot ng libreng nararapat na pampublikong edukasyon. (20 USC 1415[b][3] at (4), 1415[c][1], 1414[b][1]; 34 CFR 300.503; EC 56329, at 56506[a])

Kailangan kang abisuhan ng distritong pampaaralan ukol sa mga ipinanukalang pagsusuri ng iyong anak sa isang nakasulat na paunawa o plano sa pagtatasa sa loob ng labing-limang (15) araw matapos kang magsampa ng iyong nakasulat na paghiling ng pagsusuri. Ang paunawa ay dapat na madaling maintindihan at nasa iyong katutubong wika o iba pang uri ng komunikasyon, maliban kung malinaw na hindi makakayang gawin ito. (34 CFR 300.304; EC 56321)

Ano ang sasabihin sa akin ng paunawa:

Dapat ay kasama sa Naunang Nakasulat na Paunawa ang sumusunod:

1. Isang paglalarawan ng mga pagkilos na ipinanukala o tinanggihan ng distritong pampaaralan;
2. Isang pagpapaliwanag kung bakit ang pagkilos ay ipinanukala o tinanggihan;
3. Isang paglalarawan ng bawat proseso sa pagtatasa, tala, o ulat na ginamit ng ahensya bilang basehan para sa pagkilos na ipinanukala o tinanggihan;
4. Isang pahayag na ang mga magulang ng isang anak na may kapansanan ay may proteksyon sa ilalim ng mga pamprotektang hakbang sa proseso;
5. Mga partidong makokontak ng mga magulang upang makakuha ng tulong sa pag-unawa sa mga tuntunin ng bahaging ito;
6. Isang paglalarawan ng iba pang mga pagpipilian na binigyang-turing ng koponan ng IEP at ang mga kadahilanan kung bakit tinanggihan ang mga pagpipiliang iyon; at
7. Isang paglalarawan ng anumang iba pang mga kadahilananang may kaugnayan sa pagkilos na ipinanukala o tinanggihan. (20 USC 1415[b][3] and [4], 1415[c][1], 1414[b][1]; 34 CFR 300.503)

Pahintulot ng Magulang

Kailan kinakailangan ang aking pahintulot para sa pagtatasa?

May karapatan kang isangguni ang iyong anak sa mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon. Kailangan mong magbigay ng napaliwanagan at nakasulat na pahintulot bago matuloy ang unang pagtatasa ng iyong anak para sa espesyal na edukasyon. Ang magulang ay mayroong hindi bababa sa labing limang (15) araw mula nang matanggap ang ipinanukalang plano sa pagtatasa upang makapagpasya. Maaaring magsimula agad ang pagtatasa sa sandaling matanggap ang pahintulot at kailangan itong makumpleto at makabuo ng isang IEP sa loob ng animnapung (60) araw ng iyong pagbibigay-pahintulot.

Kailan kinakailangan ang aking pahintulot para sa mga serbisyo?

Kailangan kang magbigay ng napaliwanagan at nakasulat na pahintulot bago mabigyan ng iyong distritong pampaaralan ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Anu-ano ang mga pamamaraan kapag ang isang magulang ay hindi nagbigay ng pahintulot?

Kung hindi ka magbibigay ng pahintulot para sa paunang pagtatasa o kung nabigo kang tumugon sa isang kahilingang maibigay ang pahintulot, maaaring habulin ng distritong pampaaralan ang paunang pagtatasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga marapat na pamamaraan.

Kung tatanggi kang magbigay ng pahintulot sa pagpapasimuno ng mga serbisyo, hindi dapat magbigay ang distritong pampaaralan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at hindi ito dapat maghahangad na magdulot ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga marapat na pamamaraan.

Kung tatanggihan mo ang lahat ng mga serbisyo sa IEP matapos kang magbigay dati ng pahintulot sa mga serbisyong iyon, kailangang magsampa ang distritong pampaaralan ng hiling para sa mediation (pamamagitan) o para sa isang pagdinig sa marapat na proseso.

Kung pahihintulutan mo sa pamamagitan ng kasulutan ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo para sa iyong anak ngunit hindi ka nagbibigay ng pahintulot sa lahat ng mga sangkap ng IEP, ang mga sangkap ng programang iyong pinahintulutan ay dapat ipatupad nang walang antala.

Kung mapag-alaman ng distritong pampaaralan na ang ipinapanukalang sangkap ng programa sa espesyal na edukasyon na hindi mo pinahintulutan ay kinakailangan upang makapagdulot ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon para sa iyong anak, kailangang magpasimuno ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso. Kung may maidaos na pagdinig sa nararapat na proseso, ang hatol sa pagdinig ay magiging pinal at may-bisa ayon sa batas.

Sa kaso ng mga muling pagsusuri, kailangang itala ng distritong pampaaralan ang mga makatuwirang hakbang upang makuha ang iyong pahintulot. Kung mabibigo kang tumugon, maaaring tumuloy ang distritong pampaaralan sa muling pagsusuri nang walang pahintulot mula sa iyo. (20 USC 1414[a][1][D] at 1414[c]; 34 CFR 300.300; EC 56506[e], 56321[c] at [d], at 56346)

Kailan ko maaaring pawalan ng bisa ang pahintulot?

Kung sa alinmang oras kasunod ng panimulang kaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ang magulang ng bata ay pasulat na nagpawalang bisa ng pahintulot para sa pagpapanatili ng kaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ang pampublikong ahensya:

1. Ay maaaring ihinto ang pagkaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa bata, ngunit kailangang magkaloob muna ng paunang nakasulat na abiso alinsunod sa 34 CFR Seksyon 300.503 bago ihinto ang mga nasabing serbisyo
2. Ay maaaring hindi gamitin ang mga alituntunin sa pirasong E ng Bahaging 300 34 CFR (kasama ang mga alituntunin ng pagpapamagitan sa ilalim ng 34 CFR Seksyon 300.506 o ang mga alituntunin ng karampatang proseso sa ilalim ng 34 CFR mga Seksyon 300.507 hanggang 300.516) upang makamit ang kasunduan o pasya na ang mga serbisyo ay maaaring ikaloob sa bata
3. Ay hindi ituturing na naglabag sa mga itinadhana upang makagawa ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyong (Free Appropriate Public Education, FAPE) pwede sa bata dahil sa kabiguang maikaloob sa bata ang karagdagang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo
4. Ay hindi nangangailangang magtawag ng pagpupulong ng koponan ng IEP o magpaunlad ng IEP sa ilalim ng 34 CFR mga Seksyon 300.320 at 300.324 para sa bata para sa karagdagang kaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo

Mangyaring itala, alinsunod sa 34 CFR Seksyon 300.9 (c)(3), na kung ang mga magulang ay pasulat na nagpawalang bisa ng pahintulot para sa pagtanggap ng kanilang anak ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon matapos ang bata ay panimulang napagkalooban ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ang pampublikong ahensya ay hindi kinakailangang baguhin ang talaan ng edukasyon ng bata upang alisin ang anumang pagtukoy sa pagtanggap ng bata ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo dahil sa nagpawalang bisa ng pahintulot.

Pagtatalaga ng Tumatayong Magulang

Paano kung ang isang magulang ay hindi makikilala o matatagpuan?

Kailangang tiyakin ng mga distritong pampaaralan na may itatalagang isang tao upang kumilos bilang tumatayong magulang bilang kahalili ng mga magulang ng isang batang may kapansanan kapag hindi matukoy ang isang magulang at hindi matunton ng distritong pampaaralan ang kinaroroonan ng isang magulang.

Maaari ring magtalaga ng isang kahaliling magulang kung ang bata ay walang kasama't tirahan, isang idinugtong na umaasa o isang alaga ng hukuman sa ilalim ng *Welfare and Institution Code* ng estado, at ito ay sinangguni sa espesyal na edukasyon o mayroon nang IEP. (20 USC 1415[b][2]; 34 CFR 300.519; EC 56050; GC 7579.5 at 7579.6)

Pagtatasa na Walang Diskriminasyon

Paano maitatasa ang aking anak para sa mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon?

May karapatan kang ipasuri ang iyong anak sa lahat ng mga larangan ng pinaghihinalaang kapansanan. Ang mga materyales at pamamaraang ginagamit para sa pagtatasa at pagkakalagak ay hindi dapat magdulot ng diskriminasyon sa lahi, kultura o kasarian.

Ang mga materyales sa pagtatasa ay kailangang maidulot at ang pagsusuri ay maisagawa sa katutubong wika o uri ng komunikasyon na ginagamit ng iyong anak at ayon sa anyo na pinakamalamang na magdudulot ng wastong impormasyon ukol sa kung ano ang alam ng bata at ang magagawa niya sa akademya, pag-usbong at pagganap, maliban kung malinaw na hindi makakayang maidulot o maisagawa ito.

Walang iisang pamamaraan ang maaaring maging tanging pamantayan para matukoy ang pagiging karapat-dapat at upang mabuo ang FAPE para sa iyong anak. (20 USC 1414[b][1]-[3], 1412[a][6][B]; 34 CFR 300.304; EC 56001[j] at 56320)

Mga Independenteng Pagtatasa para sa Edukasyon

Maaari bang suriin nang hiwalay ang aking anak na ang gagastos ay ang distrito?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga resulta ng pagtatasa na isinagawa ng distritong pampaaralan, may karapatan kang humingi at kumuha ng independenteng pagtatasa na pang-edukasyon para sa iyong anak mula sa isang taong kwalipikadong magsagawa ng pagtatasa na gagastusan ng publiko.

Ang magulang ay karapat-dapat lamang makakuha ng iisang independenteng pagsusuring pang-edukasyon na gagastusan ng publiko tuwing ang pampublikong ahensya ay magsasagawa ng isang pagsusuri na tutol ang magulang.

Kailangang tumugon ang distritong pampaaralan sa iyong kahilingan para sa independenteng pagtatasa na pang-edukasyon at bigyan ka ng impormasyon ukol sa kung saan makakukuha ng independenteng pagtatasa na pang-edukasyon.

Kung sa tingin ng distritong pampaaralan ang pagtatasa ng distrito ay angkop at hindi sumang-ayon na kinakailangan ng independenteng pagtatasa, kailangang humingi ang distritong pampaaralan ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso upang patunayan na naaangkop ang pagtatasa. Kung mananaig ang distrito, may karapatan ka pa rin na makakuha ng isang independenteng pagtatasa ngunit hindi na ito gagastusan ng publiko. Kailangang bigyan-turing ng koponan ng IEP ang mga independenteng pagtatasa.

Ang mga pamamaraan sa pagtatasa ng distrito ay nagbibigay-daan upang maobserbahan ang mga mag-aaral habang nasa klase. Kung maobserbahan ng distritong pampaaralan ang iyong anak sa kanyang silid-aralan habang may pagtatasa, o kung ang distritong pampaaralan ay pinayagang obserbahan ang iyong anak, kailangang pahintulutan ang isang independenteng pagtatasa na pang-edukasyon upang maobserbahan ang iyong anak sa silid-aralan.

Kung ang distritong pampaaralan ay nagpanukala ng isang bagong pagkaka-ayos ng paaralan para sa iyong anak at may isinagawang isang independenteng pagtatasa na pang-edukasyon, kailangang payagan ang independenteng tagapagtasa upang maobserbahan muna ang ipinanukalang bagong pagkaka-ayos. (20 USC 1415[b][1] and [d][2][A]; 34 CFR 300.502; EC 56329[b] at [c])

Kakayahang Makita ang Mga Talaang Pang-edukasyon

Maaari ko bang suriin ang mga talaang pang-edukasyon ng aking anak?

May karapatan kang kilatisin at repasuhin ang lahat ng mga talaang pang-edukasyon ng iyong anak nang walang di-kinakailangang pagkaantala, pati na bago makipagpulong sa IEP ng iyong anak o bago magsagawa ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso. Kailangan kang bigyan ng distritong pampaaralan ng kakayahang mapuntahan ang mga talaan at kopya, kung kinakailangan, sa loob ng limang (5) araw na **may-pasok** matapos na maisampa ang kahilingan sa pamamagitan ng pananalita o pagsusulat. (EC 49060, 56043[n], 56501[b][3], at 56504)

Paano Lulutasin ang mga Di-pagkakasundo

Pagdinig para sa Nararapat na Proseso

Kailan makakukuha ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso?

May karapatan kang humiling ng isang walang-kinikilingang pagdinig para sa nararapat na proseso patungkol sa pagtukoy, pagtatasa at paglalagak sa edukasyon ng iyong anak o ang pagdudulot ng FAPE. Ang kahilingan ng pagdinig para sa nararapat na proseso ay kailangang mapunan sa loob ng dalawang taon mula sa petsa na nalaman mo o napag-alaman mo ang tungkol sa di-umano'y pagkilos na bumubuo ng basehan ng reklamo sa nararapat na proseso. (20 USC 1415[b][6]; 34 CFR 300.507; EC 56501 at 56505[l])

Mediation (Pamamagitan) at Kahaliling Paglutas ng Di-pagkakasundo

Maaari ba akong humiling ng mediation (pamamagitan) o isang kahaliling paraan upang lutasin ang di-pagkakasundo?

Ang isang kahilingan para sa di-pagkakasundo ay maaaring maisagawa bago isagawa o matapos isagawa ang isang paghiling para sa pagdinig sa nararapat na proseso.

Maaari mong hilingin sa distritong pampaaralan na lutasin ang mga di-pagkakasundo sa pamamagitan ng mediation (pamamagitan) o alternative dispute resolution (ADR o kahaliling paglutas ng di-pagkakasundo), na mas hindi mapag-kompronta kaysa sa isang pagdinig para sa nararapat na proseso. Ang ADR at ang mediation ay mga boluntaryong pamamaraan ng paglutas ng isang di-pagkakasundo at hindi ito maaaring gamitin upang maantala ang iyong karapatan na magkaroon ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso.

Ano ang isang pulong sa mediation (pamamagitan) bago isagawa ang isang pagdinig?

Maaari kang humiling ng kalutasan sa pamamagitan ng mediation bago magsampa ng isang kahilingan para sa isang pagdinig para sa nararapat na proseso. Ang pulong ay isang di-pormal na pamamaraan na isinagawa sa isang paraang hindi mapag-kompronta upang lutasin ang mga isyu patungkol sa pagkilala, pagtatasa, o paglalagak sa edukasyon ng isang anak o sa isang FAPE.

Sa pulong ng mediation bago isagawa ang pagdinig, ang magulang o ang distritong pampaaralan ay maaaring samahan o payuhan ng mga kinatawang hindi abogado at maaaring makipagkunsulta sa isang abogado bago isagawa o matapos ang pulong. Subalit, ang paghiling o paglahok sa isang pulong sa mediation bago isagawa ang pagdinig ay hindi kinakailangan para sa paghiling ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso.

Ang lahat ng mga paghiling para sa isang pulong ng mediation bago isagawa ang pagdinig ay dapat isampa sa Superintendent. Ang partidong nagpapasimuno ng isang pulong ng mediation bago isagawa ang pagdinig sa pamamagitan ng pagsampa ng nakasulat na hiling sa Superintendent ay magbibigay sa kabilang partido sa mediation ng isang kopya ng hiling kasabay ng pagsampa ng kahilingan.

Ang petsa ng pulong ng mediation bago isagawa ang pagdinig ay itatakda sa loob ng (15) araw mula matanggap ng Superintendent ang kahilingan para sa mediation at makukumpleto ito sa loob ng tatlumpong (30) araw matapos na matanggap ng kahilingan para sa mediation maliban kung pumayag ang parehong partido na pahabain ang oras. Kung magkaroon na pagkakasundo, ang mga partido ay magpapatupad ng isang kasunduang may-bisa sa batas na nagtatakda ng paglutas. Ang lahat ng mga pagtalakay habang isinasagawa ang proseso ng mediation ay kumpedensyal. Ang lahat ng mga pulong ng mediation bago isagawa ang pagdinig ay itatakda nang maagap at isasagawa sa isang oras at lugar na makatuwirang maginhawa para sa mga partido. Kung mabigong malutas pa rin ang mga isyu sa paraang ikasisiya ng lahat ng mga partido, ang partidong humiling ng pulong ng mediation ay maaaring magpasyang magsampa ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso. (EC 56500.3 at 56503)

Mga Karapatan sa Nararapat na Proseso

Ano ang aking mga karapatan sa nararapat na proseso?

May karapatan kang:

1. Magkaroon ng patas at walang-kinikilingang administratibong pagdinig sa antas ng estado sa harap ng isang taong marunong sa mga batas ukol sa espesyal na edukasyon at mga administratibong pagdinig (20 USC 1415[f][1][A], 1415[f][3][A]-[D]; 34 CFR 300.511; EC 56501[b][4]);
2. Masamahan at mapahuyan ng isang abogado at/o mga indibidwal na marunong sa mga batang may kapansanan (EC 56505 [e][1]);
3. Magharap ng ebidensya, mga nakasulat na argumento, at mga ibinibigkas na argumento (EC 56505[e][2]);
4. Kaharapin, i-cross examine, at atasang dumalo ang mga saksi (EC 56505[e][3]);
5. Tumanggap ng isang nakasulat na talaan, o kung pagpapasyahan ng magulang, ay isang elektronikong talaan ng mga salita ng pagdinig, kabilang ang mga napag-alamang katunayan at pasya (EC 56505[e][4]);

6. Padaluhin ang iyong anak sa pagdinig (EC 56501[c][1]) ;
7. Ipabukas o ipasara ang pagdinig sa publiko (EC 56501[c][2]);
8. Tumanggap ng isang kopya ng lahat ng mga dokumento, kabilang ang mga pagtatasang makukumpleto sa pagsapit ng petsang iyon at mga pagrekumenda, at isang listahan ng mga saksi at ang kanilang pangkalahatang sakop ng pagtestigo sa loob ng limang (5) araw na may-pasok bago sumapit ang isang pagdinig (EC 56505[e][7] at 56043[v]);
9. Maabisuhan ng mga kabilang partido ukol sa mga isyu at ang kani-kanilang ipinapanuklang paglutas ng mga isyu nang hindi bababa sa sampung (10) araw sa kalendaryo bago sumapit ang pagdinig (EC 56505[e][6]);
10. Magkaroon ng isang tagasalin ng wika (CCR 3082[d]);
11. Humingi ng dagdag na panahon para sa pagdinig (EC 56505[f][3]) ;
12. Magkaroon ng isang pulong sa mediation anumang oras habang isinasagawa ang pagdinig sa nararapat na proseso (EC 56501[b][2]); at
13. Tumanggap ng paunawa mula sa kabilang partido nang may hindi bababa sa sampung araw bago idaos ang pagdinig kung saan ay balak ng kabilang partido na magkaroon ng abogado bilang kanyang kinatawan (EC 56507[a]). (20 USC 1415[e]; 34 CFR 300.506, 300.508, 300.512 at 300.515)

Pagsampa ng isang Nakasulat na Reklamo sa Nararapat na Proseso

Paano ako makahihiling ng isang pagdinig sa nararapat na proseso?

Kailangan mong magsampa ng isang nakasulat na hiling para sa isang pagdinig sa nararapat na proseso. Ikaw o ang iyong kinatawan ay kailangang magsumite ng sumusunod na impormasyon sa iyong paghiling:

1. Pangalan ng bata;
2. Tirahan ng bata;
3. Pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata;
4. Kung sakaling ang bata ay walang tirahan, ang magagamit na impormasyon sa pagkontak ng bata at ang pangalan ng paaralan na pinapasukan ng bata; at
5. Isang paglalarawan ng likas na katangian ng problema, kabilang ang mga katunayang kaugnay sa (mga) problema at isang ipinapanukalang paglutas ng (mga) problema.

Itinatakda ng mga batas pang-federal at pang-estado na ang bawat partidong nagsasampa ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso ay magbigay sa kabilang partido ng isang kopya ng nakasulat na kahilingan. (20 USC 1415[b][7], 1415[c][2]; 34 CFR 300.508; EC 56502[c][1])

Bago magsampa ng isang pagdinig para sa nararapat na proseso, dapat ay mabigyan ang distritong pampaaralan ng pagkakataong malutas ang usapin sa pamamagitan ng pagdaos ng isang sesyon para sa paglutas, na isang pagpupulong sa pagitan ng mga magulang at mga kaugnay na kasapi ng koponan ng IEP nay mayroong mismong kaalaman ng mga katunayang tinukoy sa paghiling ng pagdinig ng nararapat na proseso. (20 USC 1415[f][1][B]; 34 CFR 300.510)

Ano ang kasama sa isang sesyon ng paglutas?

Ang mga sesyon sa paglutas ay idadaos sa loob ng labing-limang (15) araw mula matanggap ang paunawa ng kahilingan ng mga magulang para sa pagdinig sa nararapat na

proseso. Hindi isasama sa mga sesyon ang isang kinatawan ng distritong pampaaralan na may kapangyarihan na magpasya at hindi isasama ang isang abogado ng distritong pampaaralan maliban kung ang magulang ay may kasamang abogado. Maaaring talakayin ng magulang ng bata ang isyu ukol sa pagdinig sa nararapat na proseso at pati ang mga katunayang nagsisilbing basehan ng kahilingan ng pagdinig sa nararapat na proseso.

Hindi kinakailangan ng sesyon sa paglutas kung ang magulang at ang distritong pampaaralan ay magkakasundong huwag nang idaos ang pagpupulong. Kung hindi pa malutas ng distritong pampaaralan ang isyu ukol sa pagdinig sa nararapat na proseso sa loob ng tatlumpong (30) araw, maaaring isagawa ang pagdinig para sa nararapat na proseso. Kung magkaroon na pagkakasundo, ang mga partido ay magpapatupad ng isang kasunduang may-bisa sa batas. (20 USC 1415[f][1][B]; 34 CFR 300.510)

Magbabago ba ang pagkakalagak ng aking anak habang isinasagawa ang mga proseso?

Ang batang kasangkot sa anumang prosesong administratibo o pang-hukuman ay kailangang manatili sa kasalukuyang niyang pagkakalagak sa edukasyon maliban kung ikaw at ang distritong pampaaralan ay magkakaroon ng ibang pagkakasundo. Kung ikaw ay nag-a-apply para sa paunang pagkakatanggap ng iyong anak sa isang pampublikong paaralan, ang iyong anak ay ilalagay sa isang programa para sa pampublikong paaralan nany may pahintulot mo hanggang sa makumpleto ang lahat ng mga proseso. (20 USC 1415[j]; 34 CFR 300.518; EC 56505[d])

Maaari bang apilahin ang hatol?

Ang hatol sa pagdinig ay pinal at may-bisa sa parehong partido. Ang alinmang partido ay maaaring mag-apila ng hatol sa pagdinig sa pamamagitan ng pagsampa ng isang kasong sibil sa hukumang pang-estado o pang-federal sa loob ng 90 araw ng pinal na hatol. (20 USC 1415[i][2] and [3][A], 1415[I]; 34 CFR 300.516; EC 56505[h] at [k], EC 56043[w])

Sino ang magbabayad para sa mga bayarin ko sa abogado?

Sa anumang pagkilos o proseso ukol sa pagdinig para sa nararapat na proseso, ang hukuman, ayon sa pasya nito, ay maaaring mag-gawad ng makatuwirang bayarin sa abogado bilang bahagi ng mga gastusin mo bilang magulang ng isang anak na may kapansanan kung ikaw ang nanaig na partido sa pagdinig. Maaari ring magpataw ng mga makatuwirang bayarin sa abogado makalipas ang pagwawakas ng isang administratibong pagdinig, kung papayag ang parehong partido. (20 USC 1415[i][3][B]-[G]; 34 CFR 300.517; EC 56507[b])

Maaaring bawasan ang mga bayarin kung iiral ang alinman sa mga sumusunod na kalagayan:

1. Mapag-aalaman ng hukuman na nagdulot ka ng di-makatuwirang pagkaantala sa pinal na paglutas ng kontrobersya;
2. Ang mga bayad sa bawat otas ng mga abogado ay lampas sa umiiral na halaga sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogado na may katumbas na kakayahan, reputasyon at karanasan;
3. Labis-labis ang mga oras na ginugol ang mga serbisyong legal na ibinigay; o
4. Hindi ibinigay ng iyong abogado sa distritong pampaaralan ang nararapat na impormasyon sa abiso ng paghiling ng nararapat na proseso.

Subalit, ang mga bayarin sa abogado ay hindi babawasan kung mapag-alaman ng hukuman na ang Estado o ang distritong pampaaralan ang nagdulot ng di-makatuwirang pagkaantala sa pinal na paglutas ng pagkilos o proseso o kung nagkaroon ng paglabag sa bahaging ito ng batas. (20 USC 1415[i][3][B]-[G]; 34 CFR 300.517)

Ang mga bayarin sa abogado na kaugnay sa anumang pagpupulong ng koponan ng IEP ay hindi igagawad maliban kung magkakaroon ng isang pagpupulong ng koponan ng IEP bilang sanhi ng isang pamamaraan sa pagdinig para sa nararapat na proseso o pagkilos sa hukuman. Maaari ring tanggihang magbigay ng mga bayarin sa abogado kung hindi ka sumang-ayon sa isang makatuwirang alok na ibinigay ng distrito/pampublikong ahensya sa loob ng sampung (10) araw bago magsimula ang pagdinig at ang pasya sa pagdinig ay mas hindi pabor kaysa sa alok ng pag-areglo. (20 USC 1415[i][3][B]-[G]; 34 CFR 300.517)

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon o upang magsampa para sa mediation o isang pagdinig para sa nararapat na proseso, makipag-ugnayan sa:

*Tanggapan ng mga Administratibong Pagdinig
[Office of Administrative Hearings]
Para sa Pansin ng: Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon
[Attention: Special Education Division]
[2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200]
[Sacramento, CA 95833-4231]
[(916) 263-0880]
[FAX (916) 263-0890]*

Mga Proceso sa Pagdisiplina sa at Pagkakalagak sa Paaralan para sa mga Mag-aaral na May Mga Kapansanan

Pagdisiplina sa Paaralan at mga Kahaliling Pansamantalang Pagkakaayos para sa Edukasyon

Ang aking anak ba ay maaaring suspindihin o patalsikin?

Maaaring bigyang-turing ng mga kawani sa paaralan ang anumang mga natatanging sitwasyon ayon sa bawat kaso upang alamin kung ang isang pagbabago sa paglalagak ay nararapat para sa isang bata na may kapansanan na lumabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral mula sa kanyang kasalukuyang pagkaka-ayos papunta sa:

- ❖ Isang naaangkop na pansamantalang kahaliling pagkaka-ayos na pang-edukasyon, sa iba pang pagkaka-ayos, o pagsuspende nang hindi lalampas sa sampung (10) sunud-sunod na araw na may-pasok; at
- ❖ Mga karagdagang pagkakatanggal nang hindi lalampas sa sampung (10) sunud-sunod na araw na may-pasok sa parehong taong pampaaralan para sa magkakahiwalay na insidente ng labag na pagkilos

Ano ang mangyayari makalipas ang pagkakatanggal nang higit sa (10) araw?

Matapos na matanggal ang isang batang may kapansanan mula sa kanyang kasalukuyang pagkaka-ayos sa loob ng sampung (10) araw na may-pasok para sa parehong taong pampaaralan, ay kailangang magdulot ang pampublikong ahensya ng mga serbisyo para sa alinmang kasunod na araw ng pagkakatanggal upang mabigyang-daan ang bata na maipagpatuloy ang kanyang paglahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon at umusad tungo sa pagtugon ng mga layuning itinakda ng IEP ng bata. Bukod dito, ang isang bata ay makatatanggap din, kung naaangkop, ng isang pagtatasa ng mga pag-uugali sa pagkilos at mga serbisyo sa pag-aayos at pagbabago ng pag-uugali, na dinisenyo upang matugunan ang lumalabag na pag-uugali upang hindi na ito mangyari ulit.

Kung ang isang bata ay lumampas nang sampung (10) araw sa isang pagkakalagak, kailangang magdaos ng isang pagpupulong ng koponan ng IEP upang matukoy kung ang maling pagkilos ng bata ay dulot ng kapansanan. Kailangang maisagawa agad ang ganitong pagpupulong ng koponan ng IEP, hangga't maaari, o sa loob ng sampung (10) araw mula

magpasya ang distritong pampaaralan na magsagawa ng ganitong uri ng hakbang sa pagdisiplina.

Bilang isang magulang, inaanyayahan kang lumahok bilang isang kasapi ng koponan ng IEP. Ang distritong pampaaralan ay maaaring atasang bumuo ng isang plano sa pagtatasa upang matugunan ang maling pagkilos, o kung ang iyong anak ay may plano para sa pag-aayos ng pag-uugali, ay repasuhin at baguhin ang plano hangga't kinakailangan.

Ano ang mangyayari kung mapag-alaman ng koponan ng IEP na ang maling pagkilos ay hindi dulot ng kapansanan?

Kapag magpasya ang koponan ng IEP na ang maling pagkilos ay hindi dulot ng kapansanan ng bata, ang distritong pampaaralan ay maaaring magsagawa ng pang-disiplinang pagkilos, tulad ng pagpapatalsik, nang tulad ng kinakailangan para sa isang bata na walang kapansanan. (20 USC 1415[k][1] at [7]; 34 CFR 300.530)

Kung hindi ka sumasang-ayon sa hatol ng koponan ng IEP, maaari kang humiling ng isang pinabilis na pagdinig para sa nararapat na proseso, na maaaring maisagawa sa loob ng dalawampung (20) araw na may-pasok mula sa petsa kung kailan mo hiniling ang pagdinig. (20 USC 1415[k][2]; 34 CFR 300.531[c])

Maging ano pa man ang kalagayan ay dapat na ipagpatuloy ng distritong pampaaralan ang pagdudulot ng FAPE sa iyong anak. Ang mga kahaliling pagkaka-ayos para sa edukasyon ay kailangang makapagbigay-daan sa bata upang lumahok sa pangkalahatang kurikulum at matiyak na magpapatuloy ang mga serbisyo at pagbabagong tinalakay sa IEP. (34 CFR 300.530; EC 48915.5[b])

Mga Batang Pumapasok sa Pribadong Paaralan

Ang mga mag-aaral bang inilagak ng magulang sa mga pribadong paaralan ay maaaring lumahok sa mga programa sa espesyal na edukasyon na pinondohan ng publiko?

Ang mga batang ipinalista ng kani-kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan ay maaaring lumahok sa mga programa sa espesyal na edukasyon na pinondohan ng publiko. Kailangang kumunsulta ng distritong pampaaralan sa mga pribadong paaralan at sa mga magulang upang matukoy ang mga serbisyong i-aalok sa mga mag-aaral ng pribadong paaralan. Bagaman ang mga distritong pampaaralan ay may malinaw na pananagutan na mag-alok ng FAPE sa mga mag-aaral na may mga kapansanan, ang mga batang iyon, kapag inilagak ng kani-kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan, ay wala nang karapatang makatanggap ng ilan o lahat sa mga espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyong kinakailangan upang makapagdulot ng FAPE. (20 USC 1415[a][10][A]; 34 CFR 300.137 at 300.138; EC 56173)

Kung ang isang magulang ng isang indibidwal na may kakaibang pangangailangan na nakatanggap na dati ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng kapangyarihan ng distritong paaralan ay nagpalista sa bata sa isang pribadong paaralang elementarya o sa isang paaralang sekundarya nang walang pahintulot o pagsangguni ng lokal na ahensyang pang-edukasyon, ang distritong pampaaralan ay hindi kinakailangang magdulot ng espesyal na edukasyon kung ginawan na ng distrito ng paraan upang makuha ang FAPE. Maaaring atasan ng isang korte o isang opisyal ng pagdinig ang distritong pampaaralan na ibalik ang ibinayad ng magulang o bantay para sa espesyal na edukasyon at sa pribadong

paaralan kapag mapag-alaman ng korte o ng opisyal ng pagdinig para sa nararapat na proseso na hindi gumawa ng paraan ng distritong pampaaralan upang makuha ng bata ang FAPE nang maagap bago siya mailista sa pribadong paaralang elementarya o paaralang sekundarya at nararapat ang pribadong paglalagak. (20 USC 1412[a][10][C]; 34 CFR 300.148; EC 56175)

Kailan maaaring bawasan o tanggihan ang pagbabalik-bayad?

Maaaring bawasan o tanggihan ng korte o ng opisyal sa pagdinig ang pagbabalik-bayad kung hindi mo magawan ng paraan upang makadalo ang iyong anak para sumailalim sa pagtatasa kapag binigyan ng paunawa ng paaralang distrito bago alisin ang iyong anak mula sa pampublikong paaralan. Maaari ka ring tanggihang bigyan ng balik-bayad kung hindi mo inabisuhan ang distritong pampaaralan na tinanggihan mo ang paglalagak sa espesyal na edukasyon na ipinanukala ng distritong pampaaralan, kabilang ang pagpapayayag ng iyong mga alalahanin at mga binabalak upang maipalista ang iyong anak sa isang pribadong paaralan na sagot ng publiko.

Ang iyong paunawa sa distritong pampaaralan ay kailangang maibigay sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

- ❖ Sa pinakabagong pagpupulong ng koponang IEP na dinaluhan mo bago matanggal ang iyong anak mula sa pampublikong paaralan; o
- ❖ Sa pamamagitan ng pagsusulat sa distritong pampaaralan nang hindi bababa sa sampung (10) araw na may pasok (kabilang ang mga piyesta-opisyal) bago tanggalin ang iyong anak mula sa pampublikong paaralan. (20 USC 1412[a][10][C]; 34 CFR 300.148; EC 56176)

Kailan hindi maaaring bawasan o tanggihan ang pagbabalik-bayad?

Ang isang korte o opisyal sa pagdinig ay hindi maaaring bawasan o tanggihan ang pagbabalik-bayad sa iyo kapag nabigo kang magbigay ng nakasulat na abiso sa distritong pampaaralan sanhi ng alinman sa mga sumusunod na dahilan:

- ❖ Pinigilan ka ng paraalan na makapabigay ng paunawa;
- ❖ Hindi ka nakatanggap ng isang kopya nitong Paunawa ng mga Pamprotektang Hakbang sa Proseso o kung hindi ka napagsabihan sa iba pang paraan na kailangang bigyang paunawa ang distrito;
- ❖ Ang pagbibigay ng paunawa ay malamang na makapagdudulot ng pisikal na kapahamakan sa iyong anak;
- ❖ Ang kawalan ng kakayahng makapagbasa't makapagsulat sa wikang Ingles ay pumigil sa iyo na makapagbigay ng paunawa; o
- ❖ Ang pagbibigay ng paunawa ay malamang na makakapagdulot ng malubhang kapahamakan sa damdamin ng iyong anak;

(20 USC 1412[a][10][C]; 34 CFR 300.148; EC 56177)

Mga Pamamaraan sa Pagreklamo sa Estado

Kailan ako maaaring magsampa ng isang reklamo sa pagsunod sa estado?

Maaari kang magsampa ng isang reklamo sa pagsunod sa estado kung sa tingin mo ay lumabag ang distritong pampaaralan sa mga batas o regulasyon na pang-federal o pang-estado para sa espesyal na edukasyon. Kailangang tukuyin ng iyong nakasulat na reklamo ang hindi bababa sa isang di-umano'y paglabag sa mga batas na pang-federal o pang-estado para sa espesyal na edukasyon. Dapat ay nagawa ang paglabag nang hindi lalampas sa isang taon bago sumapit ang petsa na matanggap ang reklamo ng California Department of Education (CDE). Kapag nagsasampa ng isang reklamo, kailangan kang magpasa ng isang kopya ng reklamo sa distritong pampaaralan nang kasabay ng iyong pagsampa ng isang reklamo sa pagsunod sa estado sa CDE. (34 CFR 300.151–153; 5 CCR 4600)

Ang mga reklamong nagbibintang ng mga paglabag ng mga batas o alituntuning pang-federal o pang-estado para sa espesyal na edukasyon ay kailangang ipadala sa pamamagitan ng koreo sa:

*Kagawaran ng Edukasyon ng California
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon
Serbisyo sa Pagsangguni para sa Mga Mapagprotektang Hakbang sa Proseso
[California Department of Education]
[Special Education Division]
[Procedural Safeguards Referral Service]
[1430 N Street, Suite 2401]
[Sacramento, CA 95814]*

Para sa mga reklamong kasangkot ang mga isyu na **hindi** saklaw ang mga batas o regulasyong pang-federal o pang-estado, kumunsulta sa mga patas na proseso sa pagreklamo ng iyong distrito.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon ukol sa paglutas ng di-pagkakasundo, kabilang ang kung paano magsampa ng isang reklamo, makipag-ugnayan sa CDE, Special Education Division, Procedural Safeguards Referral Service, sa pamamagitan ng pagatawag sa telepono sa numerong (800) 926-0648; sa pamamagitan ng fax sa numerong (916) 327-3704; o sa pamamagitan ng pagbisita sa Web site ng CDE sa <http://www.cde.ca.gov/sp/se>.

TALAHULUGAN NG MGA PAGPAPAIKLING GINAMIT SA ABISO NA ITO

Ang Ingles na pagpapaikli at ang kataga ay ibinibigay, na kasunod ang isang pagsasalin-wika:

[ADR alternative dispute resolution o kahaliling paglutas ng di-pagkakasundo]

[CFR Code of Federal Regulations o Kodigo ng mga Regulasyong Pang-federal]

[EC California *Education Code* o Kodigo sa *Edukasyon* ng California]

[FAPE free appropriate public education o libreng naangkop na pampublikong edukasyon]

[IDEA Individuals with Disabilities Education Act o Batas para sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May kapansanan]

[IEP Individualized Education Program o Isina-indibidwal na Programang Pang-
edukasyon]

[OAH Office of Administrative Hearings o Tanggapan para sa mga Administratibong
Pagdinig]

[SELPA Special Education Local Plan Area o Lokal na Pook sa Plano para sa Espesyal na
Edukasyon]

[USC United States Code o Kodigo sa Estados Unidos]